P 20.00 | Tomo 5 Bilang 3 | ISSN No. 2599-5405 | Mayo - Hunyo 2018

SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI




# CARD Bank naglunsad ng cardless ATM ▸2

**Makabagong teknolohiya para sa mas mabilis na transaksyon.** Inilunsad ang cardless ATM withdrawals noong ika-1 ng Hunyo 2018. Sa pamamagitan ng *generated Quick Response* (QR) *Code* mula sa konek2CARD mobile application, ang mga kasapi o kliyente ay maaari nang mag-withdraw ng kanilang *savings* kahit hindi na sila gumamit ng Matapat ATM card o ng kanilang Pledge Savings Account.

## CARD, Inc., nakilahok sa Angat Buhay Partners' Night

ni RAFFY ANTES

Noong ika-10 ng Mayo, isinagawa ang "Angat Buhay Partners' Night" sa Quezon City Reception House na dinaluhan ng lahat ng mga kaisa sa programang Angat Buhay, ang adbokasiya at programang tugon sa kahirapan na inilunsad ni VP Leni Robredo.

Ibinalita ni VP Robredo ang naging progreso ng nasabing programa. Personal din niyang pinasalamatan ang lahat ng mga sumuporta dito. Noong taong 2017, ang CARD MRI, sa pangunguna ng Founder at Chairman Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ay nangakong magbibigay ng mga programa kaugnay sa *microfinance* at iba pang mga serbisyong panlipunan para sa Angat Buhay sa Siayan, Zamboanga del Norte.

Sa buwan ng Abril taong 2018, ang *microfinance operation* ng CARD MRI sa pamamagitan ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) ay nakapagtala ng mahigit 951 kliyente, mula sa 22 barangay na mayroong 100% *repayment rate*.




**Pinagdiwang ang Angat Buhay Partners' Night** noong ika-10 ng Mayo sa Quezon City Reception House na dinaluhan ng lahat ng mga kaisa sa programang Angat Buhay kabilang ang CARD, Inc. sa pangunguna ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip (pangalawa mula sa kaliwa). Ang Angat Buhay ay adbokasiya at programang tugon sa kahirapan na inilunsad ni VP Leni Robredo.

## Bañez, kinilalang "Outstanding San Pableño" ng 2018



ipagpatuloy sa pahina 4



## CARD Myanmar at SBFIC, muling lumagda ng kasunduan

ni GLADYS APALIT


Patuloy pa rin ang pagsuporta ng Savings Banks Foundation for International Cooperation (SBFIC) sa CARD, Inc. at CARD Myanmar COMPANY LIMITED (CMCL) matapos lagdaan ang tatlong taong kasunduan mula Abril 2018 hanggang Marso 2021 na naglalayong magbigay ng € 120,400 *grant* para sa Revolving Credit at Technical Assistance Fund.

Ang pormal na *Ceremonial Signing* ay ginanap sa tanggapan ng CARD sa Mingaladon, Yangon, Myanmar. Kamakailan lang ito ay dinaluhan ng mga kinatawan ng CARD sa pangunguna nina CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento, CMCL Chair Jean Pauline Landicho, at General Manager Carl Pagayunan kasama ang mga kinatawan ng SBFIC na sina Deputy Managing Director Dr. Ilonke Rühle-Stern at Ms. Antje Kinder, Long Term Expert assigned for Myanmar.

Ito ay ang ika-anim na taon nang pakikipag-ugnayan ng SBFIC sa CARD tungo sa pagpapatibay at papalawak ng *microfinance* sa Vietnam, Lao PDR at Myanmar.

*Ang CARD MRI ay isang organisasyong tumutulong sa pamilyang Pilipino upang makabangon mula sa kahirapan.*





*20 M.L. Quezon St., City Subdivision, 4000 San Pablo City, Laguna*

*Follow our social media accounts!*

*@cardmri*

*www.facebook.com/CARDMRIofficial*

*Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa*

*(049) 562-4309*

*Scan this QR code to visit CARD MRI website*

# CARD Bank, naglunsad ng cardless ATM

ni NELIZA LARGUEZA




**Para sa mas magandang bukas**. Dinaluhan ng ilang kinatawan mula sa CARD Bank at Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang paglulunsad ng cardless ATM noong ika-1 ng Hunyo na kinabibilangan nina CARD Bank, Inc. President and CEO Marivic M. Austria, BSP Deputy Governor Chuchi G. Fonacier, CARD MRI Founder and Chairman Dr. Jaime Aristotle B. Alip, BSP Board Members Juan De Zuñiga, Jr., BSP Managing Director Pia Bernadette Roman–Tayag, at CARD Bank, Inc. Executive Vice President Lorenza dT. Bañez.

"Nakatutuwang isipin na sa paglago ng makabagong teknolohiya, ang CARD Bank ay sumasabay sa pagyakap at paggamit nito, na higit pang napabibilis at napagaganda ang ating isinasagawang *banking transactions*. Nakaka-proud na mayroon na tayo nitong cardless ATM withdrawals. Isa itong patunay na patuloy ang ating ginagawang hakbangin sa pagtugon sa *financial inclusion* gamit ng makabagong teknolohiya," pahayag ni CARD Bank President at CEO Marivic Austria.

Ang *cardless cash machine* ay panibagong *feature* ng konek2CARD *application* na kung saan maaari ng makapag-withdraw ang kliyente ng bangko sa pamamagitan ng *smart phone.*

Sa paglulunsad ng cardless ATM withdrawals, dumalo ang ilang representante mula sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) gaya nina BSP Board Members Antonio Abacan, Jr. at Juan De Zuñiga, Jr., BSP Deputy Governor Chuchi G. Fonacier, at BSP Managing Director Pia Bernadette Roman–Tayag. Matapos ang isinagawang paglulunsad, binisita nila ang mga kliyente ng CARD Bank at ahente sa konek2CARD sa Manggahan, Dolores, Quezon Province.

Ayon kay Austria, "Noong una ay nagdadalawang-isip pa ang mga kliyente namin na gamitin ito. Naiintindihan naman namin ang kanilang naging reaksiyon lalo pa't nasanay na sila sa tradisyunal na transaksiyon."

"Natutuwa kami dahil paunti-unti ay natutuhan nang gamitin ng mga kliyente ang konek2CARD," dagdag pa niya.

Pinasalamatan din ni Austria ang mga empleyado at lahat ng naging kabahagi na walang sawang sumuporta hanggang sa maisakatuparan ito. Kung babalikan, noong taong 2017, inilunsad ng CARD Bank ang konek2CARD, isang *mobile application* na ginagamit para sa mas mabilis na *banking transactions,* na maaring gamitin maging saan man at sa anumang oras.

SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Ad Rates

| SIZE | INSIDE PAGE EVEN PAGES (B&W) | INSIDE ODD PAGES (B&W) | BACK PAGE (B&W) | FULL COLOR INSIDE EVEN PAGES | FULL COLOR INSIDE ODD PAGES | FULL COLOR BACK PAGE |
|---|---|---|---|---|---|---|
| FULL PAGE | 11,200 | 12,320 | 13,440 | 22,400 | 24,640 | 26,880 |
| CENTER SPREAD | 28,000 | | | | | |
| 1/2 | 5,600 | 6,160 | 6,720 | 11,200 | 12,320 | 13,440 |
| 1/4 | 2,800 | 3,080 | 3,360 | 5,600 | 6,160 | 6,720 |
| 1/8 | 1,400 | 1,540 | 1,680 | 2,800 | 3,080 | 3,360 |

Note: Should your advertisements include visible photos of member or their family members, please send us a copy of their photoconsent.

Advertisement with Photos:
File Format: JPEG or PNG
Resolution: 300 dpi

For reservations:
You may contact us cardmri.publishing@gmail.com or call (049) 562-4309 loc. 108



Place your Ads Now !



**Kalusugan ay kayamanan.** Mahigit 160 residente ng Ninoy Aquino, Sultan Kudarat ang nakatanggap ng libreng serbisyong medikal, dental, at optikal mula sa isinagawang Community Health Day (CHD) ng CARD, Inc. noong ika-25 ng Hunyo.

Ang CHD ay isang inisyatibo ng CARD, Inc. para sa kanilang mga kliyente at lokal na komunidad sa buong bansa.


Ito ay parte rin ng misyon ng institusyon na sugpuin ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga programa at serbisyong pangkalusugan kasama ang *Microfinance* and Health Protection (MaHP) unit ng CARD MRI. Ang CARD, Inc. ay isang *microfinance* NGO na nakabase sa San Pablo City, Laguna at may 1.9 na milyong kliyente sa buong bansa.

Ang CARD MRI ay grupo ng 21 institusyon kasama ang CARD, Inc., na naglalayong sugpuin ang kahirapan sa bansa sa paghahatid ng *microfinance* at *community-based development services.* (ni Lyka Casamayor)

SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

Get your copies from our Sulong Outlets !

San Pablo Museum
Gapit Fruit & Farm Resort
Eurotel Naga
Andal's Barrio Meals
Arabelle Suites
Jamilla's Penshion House
Bahag Footwear
Kamayan Penthouse Beach Resort
Forest Wood Garden
Reynai's Haven & Garden
Orchid Hotel
Eurotel Baguio
City Travel Hotel
Kamayan sa Palaisdaan
Quezon Premier Hotel (Domoit)
Quezon Premier Hotel (Candelaria)
Quezon Premier Hotel (Calauan)
Kamhantik Hotel
Ang Tahanan ni Aling Meding
Cebu Business Hotel
Dumaguete Royal Suite Inn
Laresio Lakeside Resort
Hotel Necita
Boracay Mandarin Hotel
Aureo Hotels and Resorts
Hotel De Dasmariñas
UPLB-CDC
Laguna University
South East Asia Interdisciplinary Development Institute
Laguna Colleges
Kinther Christian Academy
TESDA
AIM Convention Center
Open Door Christian Academy
MSC Institute of Technology
Little People's School
St. Joseph School
Spring Plaza Hotel
City Hall of San Fernando
Canossa Colleges
University of Negros Occidental Recoletos
University of Pangasinan
Development Academy of the Philippines (Manila)
Development Academy of the Philippines (Tagaytay)
Development Academy of the Philippines (Davao)
Municipal hall of Bay, Laguna
Municipal hall of Sta. Cruz, Laguna
City hall of Tacloban
Bicol Central Station
Pangasinan Solid North Terminal
City Library of San Fernando



# IP students sa Talaingod makatatanggap ng bagong silid-aralan galing sa DOLE – BITC XI

ni DYANARHA P. LAVADIA/DOLE-DNFO

DAVAO DEL NORTE – Ang Banana Industry Tripartite Council (BITC) XI sa ialalim ng Department of Labor and Employment ay nakatakda na magtayo ng silid - aralan para sa mga estudyanteng katutubo ng Basak Elementary School ngayong taon.

Ang Konseho kasama ng mga kinatawan ng DOLE XI ay nagsagawa ng *groundbreaking ceremony* para opisyal na simulan ang pagtatayo ng isang silid-aralan sa Sitio Basak noong nakaraang Mayo 10. Ang konseho na binubuo ng pamamahala, paggawa at sektor ng gobyerno kasama ang mga kasosyo sa lipunan at mga stakeholders. Ang paaralan sa ngayon ay mayroong isang sementadong-silid at tatlong kubo na nagsisilbing silid-aralan ng mga IP students na nasa una hanggang ika-anim na baitang.

Ang seremonya ay pinangunahan ni Davao del Norte Field Office Head Angelina Talingting kasama ang Davao City Field Office Chief Erlinda Mamitag at DOLE XI Labor Relations Regional Focal Person Senior LEO Francis Dominique Nazario. Naroon din sina BITC XI Vice Chairman Beatriz Francia ng Management Sector at Edgardo Jumawan ng Labor Sector kasama ang iba pang opisyal ng konseho na sumusuporta.

Kasama sa seremonya ang pagbigay ng *grocery supplies* na bigay ng Federation of Family Welfare Stakeholders XI, Inc. (FFWS-XI) para sa mga boluntaryo ng konstruksyon. Ibinigay din ang ilang kagamitang pang-iskwelahan at opisina para sa mga estudyante at guro ng Basak Elementary School sa pamamagitan ng Mindanao Banana Farmers and Exporters Assoc iation (MBFEA).

Ang proyekto ay ang bunga sa mga nalikom sa 2nd Sagip Batang Manggagawa Run na ginanap noong October 2017. Ang tagumpay ng kaganapan ay maaaring maiugnay sa suporta ng mg kumpanya mula sa Banana Industry kasama ang iba't ibang stakeholder mula sa industriya ng *retail, service* at *construction*. Sa magkasamang pagkukusa at pagsisikap ng mga mahabaging kalalakihan at kababaihan sa likod ng layuning ito, nakatakdang matapos ang mga silid-aralan bago magsimula ang mga klase sa Hunyo.

Bukod dito, ang konseho ay kasalukuyang naghahanda pa sa Sagip Batang Manggagawa ngayong taon na magsisimula ngayong Oktubre. Umaasa silang patuloy na maglingkod hindi lang para sa mga mag-aaral kundi para sa mas malaking saklaw na tao sa lipunan.



**Ang bunga ng sama-samang pagkukusa at pagsisikap.** Nagsagawa ng *groundbreaking ceremony* para opisyal na simulan ang pagtatayo ng silid-aralan sa Sitio Basak noong nakaraang Mayo 10, 2018.

# Bagong sangay ng Rizal Bank, binuksan sa Isabela

ni LYKA CASAMAYOR


Nag-ribbon cutting ang Rizal Bank Inc. sa pagbubukas ng ika-18 na sangay nito noong ika -21 ng Mayo sa Cauayan City, Isabela.

Binuksan sa Cauayan City, Isabela ang ika-18 sangay ng Rizal Bank, Inc. (RBI) noong ika-21 ng Mayo, bilang bahagi ng kanilang layunin na matugunan ang kahirapan sa bansa.

"Hangga't may mahihirap na pamilya na nangangailangan ng aming serbisyo, patuloy kaming tutulong at makiisa sa pagpapalago at pagpapaunlad ng komunidad," pahayag ni Elma Valenzuela, pangulo at CEO ng RBI. Masayang ibinalita rin ng pangulo at CEO ang isang bagong programa na itinataguyod ng CARD MRI, ang "One Family, One Graduate". Ito ay naglalayon na magkaroon ng kahit isang nakapagtapos sa bawat pamilya sa bansa. Maisakatutuparan ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng *scholarship program* at *educational loans* para sa mga kwalipikadong anak ng mga kasapi.

Binigyang-diin rin ni Valenzuela na ang nasabing bangko ay naglalayon na makapagtayo ng isang institusyon na *financially sustainable* at pag-aari ng mga mahihirap, kung saan sila ay nabibigyan ng *access* sa iba't ibang serbisyong pinansiyal.

Sa kasalukuyan, ang RBI ay mayroong mahigit 285,000 na mga kasapi sa mga lugar na nasasakop ng Rizal, Bulacan, Zambales, Negros Oriental, Pampanga, Taguig, Cebu, Nueva Viscaya, Siquijor, Ormoc, at Isabela, na mayroong 99.56% *repayment rate*.

Nakiisa rin si CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento sa nasabing okasyon at kaniyang ipinaabot ang pasasalamat sa mga tao na patuloy na sumusuporta at naging kabahagi sa kanilang mga programa.

"Upang matugunan ang kahirapan, sa kasalukuyan ay mayroong sinusunod at isinasakatuparan ang CARD MRI na tinatawag na 5-8-40. Ang 5-8-40 strategic direction ng CARD MRI na naglalayon na sa loob ng limang taon simula 2016 ay magkaroon ng walong milyong kliyente o kasapi, 40 milyong indibidwal na may *insurance.* Hindi na kami mapipigilan na abutin iyon (matugunan ang kahirapan) at ang RBI ay aktibong nakikiisa sa layuning ito," sabi ni Sarmiento.

Ngayong Hunyo, ang CARD MRI ay mayroon ng mahigit limang milyong kliyente o kasapi, at mahigit 16 milyong indibidwal na *insured* sa buong Pilipinas. Ang Rizal Bank, Inc. ay isa sa mga bangkong institusyon ng CARD MRI.

# Ika-56 provincial office ng CARD MBA, binuksan sa Sultan Kudarat

ni LYKA CASAMAYOR

Binuksan ang ika-56 Provincial Office (PO) ng CARD MBA, Inc. sa Isulan, Sultan Kudarat noong ika-4 ng Hunyo.

"Layunin ng CARD MBA na ang bawat Pilipino ay magkaroon ng *access* sa *microinsurance*, kahit sa maliit na halaga lamang at hindi mabigat sa bulsa. Higit pa roon, layunin din nitong mabigyan ang mga mamamayan ng tulong tulad ng *emergency fund,*" ayon kay CARD MBA Deputy Director for Operations Rona Nava.

Ibinalita rin ni Nava na sila ay nagpaplano na magbukas ng isa pang Provincial Office (PO) sa Zamboanga-Basulta bago matapos ang taon. "Ang patuloy na pagpapalawak at pagdaragdag ng mga POs ay bahagi ng aming pagtugon sa 5-8-40 strategic direction ng CARD MRI," aniya.

Sa ngayon, ang CARD MBA ay mayroon ng mahigit 16,490,553 indibidwal na nabigyan ng seguro sa buong Pilipinas. Ito ay 41% sa bilang ng mga kliyente na nais maabot at mabigyan ng serbisyo ng 5-8-40 strategic direction ng CARD MRI.

Ang CARD MBA ay isang *microinsurance provider* ng apat na institusyon ng CARD MRI: ang CARD, Inc., CARD Bank, Inc., Rizal Bank, Inc. at CARD SME Bank, Inc.

Ang CARD MBA ay institusyong pag-aari at pinamamahalaan ng mga miyembro nito. Bukod dito, ang CARD MBA ay tumutulong sa mga kababaihan at pamilya sa pamamagitan nang pagbibigay sa mga kasapi ng iba't ibang serbisyo gaya ng *death benefits, retirement savings fund* at *loan redemption package.*


**Sulong para sa 5-8-40 strategy.** Masayang nag-pose ang mga staff ng CARD MBA pagkatapos ng opening ceremony.

# Bañez, kinilalang "Outstanding San Pableño" ng 2018

ni RAFFY ANTES




**Pinakamahusay na San Pableño**. Si Lorenza dT. Banez, Executive Vice President (kanan) ng CARD Bank, Inc. ay pinarangalan ng pamahalaang lokal ng San Pablo sa pangunguna ni Mayor Loreto Amante (kaliwa) bilang isa sa pinakamagagaling na San Pableños noong ika-7 ng Mayo sa paggunita ng ika-78 Charter Day.

Kasabay ng paggunita ng ika-78 na pagkatatag ng pamahalaang lokal ng San Pablo noong ika-7 ng Mayo, ginawaran ng parangal si Lorenza dT. Banez, Executive Vice President ng CARD Bank, Inc., bilang isa sa mga pinakamagagaling na San Pableños ng taon.

Nakamit ni Bañez ang pagkilala dahil sa mahahalagang kontribusyon niya sa larangan ng *finance* at *accounting* sa loob ng mahigit 35 taon. Binigyang-diin ni Bañez ang halaga ng karangalang ito bilang kaniyang tagumpay, at tagumpay rin ng mga taong tumulong sa kaniya.

Ipinanganak si Bañez noong 1959 at nakapagtapos ng elementarya sa Sto. Angel Elementary School. Siya ay nagtapos ng kursong *BS Commerce* sa Laguna College at noong 1983 ay pumasa bilang isang *Certified Public Accountant (CPA).*

Taong 2007, natapos din niya ang kaniyang Master's program sa Community Economic Development (CED) sa Southern New Hampshire University (SNHU) sa Estados Unidos. Sa kasalukuyan, si Bañez ay nag-aaral ng kaniyang Ph.D. Program sa Organization Development sa Southeast Asia Interdisciplinary Development Institute (SAIDI).

**Pagsisilbi sa mga maralita**

Bukod sa kaniyang trabaho, Inilalaan ni Bañez ang mas maraming oras niya sa pakikisalamuha at pakikipag-ugnayan sa mga mahihirap na komunidad sa San Pablo.

Sa loob ng walong taon umpisa noong 1980, nagsilbi siyang *Program Accountant* sa Philippine Business for Social Progress (PBSP). Umanib din siya sa San Pablo City Federation of Core Groups kasama ang Christian Children's Fund noong 1989. Sa pagitan ng mga taon ng kaniyang paglilingkod, siya ay isa sa 15 na nagtatag ng CARD, Inc. noong 1986 at noong 1990 ay naglingkod siya ng lubusan bilang Associate Director nito. Pagkatapos lamang ng pitong taon, pinamunuan na niya ang *Finance Department* ng lumalagong institusyon ng CARD.

Isa si Bañez sa nanguna sa pagpapayabong ng *financial and treasury management system* ng CARD mula sa pagkakatatag hanggang sa kasalukuyan. Si Dr. Dolores Torres, isa sa mga matatalik ng kaibigan at katrabaho ni Bañez sa larangan ng *microfinance* ay nagpapatunay sa mga pangyayaring ito. Si Dr. Torres ay isa rin sa mga nagtatag ng CARD at siya ang kasalukuyang Senior Management Adviser ng CARD Bank, Inc. Ayon kay Dr. Torres, si Bañez ay naging susi rin sa paglago ng CARD, Inc. mula sa pagiging *microfinance* NGO hanggang maging isang pormal na bangko na tinatawag ngayong CARD Bank, Inc. Ang pagkadalubhasa ni Bañez sa *banking and finance* ang naging daan upang marating niya ang tagumpay.

Hanggang sa ngayon, ang CARD ay sumusunod sa mga patakaran ng mga bangko sa Pilipinas na isang katangiang maipagmamalaki.

Ang CARD ay isa sa mga pangunahing *microfinance-oriented rural bank* sa bansa at patuloy na kinikilala ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) bilang *financial inclusion champion* sa loob ng limang taon; dahil din ito sa reputasyon ng bangko bilang isang institusyon na laging handang tumulong sa mga lugar na hindi gaanong naaabot ng bangko.

**Ano ang naghihintay sa CARD?**

Sa karangalang natamo ni Bañez, ibinabalik niya ito sa mga kabataan, dahil para sa kaniya, ang lahat ng ito ay hindi magiging posible kung wala ang tulong ng ibang tao. Sa kasalukuyan, si Bañez ay Dekano ng Deparment of Accountancy ng CARD-MRI Development Institute (CMDI), ang paaralan ng CARD MRI.

Ayon pa kay Bañez, layunin niya ang makapagturo at makapagpaunlad ng kakayahan ng mga kabataan upang maging responsable sa lipunang kanilang ginagalawan. Ito ang kaniyang simpleng paraan upang sila ay maimulat para maging isa sa mga mahuhusay na lider ng San Pablo sa hinaharap.

Nagpapasalamat din si Bañez kina Dr. Torres at Dr. Jaime Aristotle B. Alip, tagapagtatag at chairman emeritus ng CARD MRI dahil sa matiyagang pagtuturo sa kaniya. Ayon sa kaniya, sila ang mga taong kaniyang tinitingala. Ang mga nabanggit ay kinilala rin bilang Outstanding San Pableños noong 2017 at 2008.

Ang iba pang pinarangalan ngayong taon ay ang magkasangga sa negosyo na sina Mr. Romeo Race sa ilalim ng Business and Industry category; si Mr. Joselito Frago, sa ilalim ng Agriculture and Farm Management, at ang kabalikat ng CARD MRI sa media na si Mr. Rico Albano sa ilalim ng *Civic and Humanitarian Category.*

Ang pamilya ng CARD MRI sa pangunguna ng tagapagtatag at tagapamuno na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip ay lubos na ipinagmamalaki ang bukod tanging kakayahan sa paglilingkod ng kaniyang mga kasapi sa iba't ibang larangan.



# CMDI-Tagum, magsisimula na bilang isang kolehiyo

ni LYKA CASAMAYOR



**Sa pagtatapos ay may bagong simula.** Umiyak sa saya ang mga magulang at mga nagsipagtapos ng Senior High School sa CARD-MRI Development Institute (CMDI)-Tagum Campus noong nakaraang Hunyo. Ibinalita rin ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang nagtatag ng CARD MRI at pinuno rin ng CMDI na ginawaran na ng lisensya ng CHED ang CMDI Tagum Campus upang maging isang ganap na kolehiyo.

Ang CARD-MRI Development Institute (CMDI)-Tagum Campus ay ginawaran ng lisensya ng Commission on Higher Education (CHED) upang maging isang ganap ng kolehiyo. Ito ay pormal na ibinalita ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang nagtatag ng CARD MRI at dekano rin ng CMDI sa ginanap na pagtatapos ng Senior High School sa kampus kamakailan lamang. Binuksan ang una nitong kurso na Bachelor of Science in Entrepreneurship major in *Microfinance* sa unang Taunang Panuruan nito bilang isang kolehiyo 2018-2019.

Samantala, hinamon naman ni Dr. Alip, ang mga nagsipagtapos ng Senior High School sa CMDI Tagum na ipagpatuloy ang pag-aaral ng kolehiyo sa CMDI-Tagum dahil sa pangakong magandang kinabukasan ng paaralan para sa kanila. Dagdag pa niya, ang CMDI ay magbibigay ng dekalidad at mas praktikal na pamamaraan ng pagtuturo upang maihanda ang mga mag-aaral nito sa hamon ng buhay.

Sa pamamagitan nito, ang pag-aaral sa CMDI ay naaayon sa mga karanasan at hindi nakakulong lamang sa silid-aralan. Ang mga aktwal at praktikal na implementasyon ng mga aralin ay isinasagawa hindi lamang sa Pilipinas kundi sa ibang bansa lalung-lalo na sa Timog-Silangang Asya. Ang CMDI ay naglalayon na maghubog ng *entrepreneurs* na makapagbibigay ng trabaho sa komunidad. Sa kabila nito, sinigurado ni Dr. Alip na ang mga magsisipag tapos ay magkakaroon din ng oportunidad na makapagtrabaho sa CARD MRI kung sakaling piliin nilang maging empleyado .

Ang okasyong ito ay dinaluhan ng Managing Director ng CARD MRI at Presidente din ng CMDI na si Flordeliza Sarmiento; CMDI Vice President for Administration and Academic Affairs Deverna Briones; presidente at CEO ng CARD SME Bank Aristeo Dequito, CMDI Vice President for Learning and Development Dr. Edzel Ramos, CARD, Inc. Executive Director Jocelyn D. Dequito; at mga empleyado ng CMDI.

Ang CMDI ay isa sa 21 institusyon ng CARD MRI na nagsimula bilang sentro ng pagsasanay para sa mga empleyado at kliyente ng CARD. Ang pangunahing paaralan ay nasa Bay, Laguna na mayroon ding programa para sa kolehiyo. Kabilang dito ang Business Entrepreneurship, Accountancy at Accounting and Information Systems. Ang CARD MRI naman ay isang organisasyon na tumutulong sa pamilyang Pilipino upang matulungan itong umangat sa hirap.

# Unang seremonya ng pagtatapos para sa kursong Online Microinsurance, ginanap sa CMDI

ni DERICK LICOP



Ang pinakabagong kursong *online microinsurance* ng CMDI, sa ilalim ng programang e-learning ay nagdiwang ng pagtatapos noong nakaraang ika-12 ng Abril, sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI).

Limampu't limang (55) Microinsurance Coordinators (MICs) mula sa CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang nagsipagtapos sa ilalim ng kursong *online microinsurance* noong ika-12 ng Abril 2018 sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI). Ito ang pinakabagong kursong online ng CMDI sa ilalim ng programang *e-learning* na handog para sa mga MIC ng CARD MBA. Ang kursong ito ay mayroong 10 aralin na kailangang kompletuhin sa loob ng isang buwan.

Ayon kay May S. Dawat, Chief Executive Officer ng CARD MBA, nilalayon nilang mapaunlad ang kakayahan at palalimin ang kaalaman ng mga MIC sa usaping *microinsurance.* Ang programang ito ay magandang paraan upang maabot ang mga taong malayo sa CMDI campus na handang tumulong sa pagpapalaganap ng mga produktong *microinsurance*.

"Ang pag-aaral *online* ay isinasagawa ng mga MIC sa pinakamalapit na CARD MBA Provincial Offices (POs) dahil narito ang *internet* at *computers*. Ang mga empleyado sa mga probinsya ay tumutulong naman sa mga MIC sa paggamit ng teknolohiya," ani Dawat.

Ibinahagi ni Emerita Valencia, 64, isa sa mga MIC, na noong una ay nag-aalangan siya sa *online* na pag-aaral. Subalit sa loob ng isang buwan ay hinamon niya ang sarili na magkaroon ng kumpiyansa sa paggamit ng teknolohiya dahil alam niyang ito na ang bagong paraan ng pag-aaral at kailangan niyang matuto.

**Ang CARD sa gitna ng modernong teknolohiya ng digital media**

Ang kursong *online microinsurance* ay isa sa mga istratehiya ng CARD MBA upang mapalaganap ang impormasyon at komunikasyon sa makabagong paraan. Ito ay bahagi ng paglalakbay ng CARD MRI tungo sa *digitalization*. Ito ang mga isinaad ni Flordeliza Sarmiento, punong tagapamahala ng CARD MRI at Presidente ng CMDI.

Ang paggamit ng teknolohiya sa operasyon ng CARD MRI ay nangyayari na ilang taon na ang nakalilipas. Mula sa manual na transaksyon ay naging *automated* ang sistema ng *microfinancing* ng CARD MRI, ayon kay Sarmiento.

Sa isang banda, ang layunin ng CMDI bilang institusyong tagapagsanay ng CARD MRI ay bigyang lakas ang mga kliyente at mga empleyado nito na gamitin ang makabagong teknolohiya. Ayon kay Dr. Edzel Ramos, Vice President for Learning and Development, "Kahit hindi tayo gaanong pamilyar sa *digital* na teknolohiya, kailangan nating matuto at makahabol sa makabagong teknolohiya." Sinabi niya na sa CMDI, "magpapatuloy tayo sa paglikha at pagpapaunlad ng kaalaman upang malaman ng ating mga kliyente ang kahalagahan ng pagpapalaganap ng modernong teknolohiya sa ating mga programa."

Dagdag pa sa pagbibigay ng espesyal na kaalaman sa *microfinance*, ang mga miyembro ng CARD MRI pati narin ang mga empleyado nito ay magagampanan ang mga kurso sa *e-learning*, kahit kailan nasaan man sila.


Noong 2009, nilikha ng CMDI ang Learning Resource Network (LRN) bilang repositoryo ng *online training program* ng institusyon.

"Ngayong taon, magpapatuloy ang CMDI LRN na lumikha ng mga bagong kurso sa *online* bilang kapalit ng pormal at *face-to-face trainings* at upang mabigyan din ang mga kliyente at empleyado ng CARD MRI ng kakayahang mag-aral sa pamamagitan ng *cyber space*," pahayag ni Dr. Ramos.

Ang CMDI at CARD MBA, bilang mga miyembrong institusyon ng CARD MRI, ay magpapatuloy na isulong ang pagsugpo ng kahirapan sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon at *microinsurance* sa mga miyembro at kliyente ng CARD MRI gamit ang makabagong teknolohiya.

# EDITORYAL

## Magpasalamat, magbalik, at magpatuloy




Sa mahigit 30 taong paglilingkod ng CARD MRI. sa maraming pamilyang Filipinong nakararanas ng kahirapan sa ating bansa, marapat lamang na tayo'y magpasalamat at bumalik sa lahat ng taong naging bahagi ng ating paglalakbay, at mga tagumpay, at naging inspirasyon upang ipagpatuloy ang ating mga nasimulan. Masasabi nating ang 30 taong ginugol sa paglilingkod ay isang malaking tagumpay nating lahat.

Sa kabila ng lahat ng tagumpay na ating natamasa, mula sa mga parangal na ating natanggap, sa mga miyembrong nagtagumay sa kani-kaniyang larangan, sa mga kabataang nagsipagtapos sa ating institusyon, sa mga bagong pintong nagbukas lalong-lalo sa ating patuloy na lumalawak na sakop at relasyon sa loob at labas ng bansa, at sa lahat ng biyayang natanggap natin sa tulong ng CARD MRI., ay ang motibasyon nating bumalik kung saan tayo nagsimula at patuloy na maglingkod. Isa nga sa ating mga core values ay ang humility. Lahat ng tagumpay na ito'y ating ipinagdidiwang ngunit kailanma'y hindi ipinagmamayabang.

Kaakibat ng pagkamababang-loob ay ang pagpapasalamat. Pasalamatan natin ang ating mga pamilya na patuloy sa sumusuporta sa ating mga hangarin, sa ating *stakeholders* na siyang ating mga inspirasyon sa pagtupad ng ating mga layunin, sa ating *advisers* sa CARD MRI. na patuloy na humuhubog sa ating mga potensyal nang maiangat ang ating sarili, at sa lahat ng bumubuo ng CARD MRI. na naging pamilya na rin natin at siyang ating laging kasangga sa pagharap sa lahat ng mga suliranin ating kinakaharap sa buhay lalong-lalo na sa aspetong pangpinasyal at pangkabuhayan.

Ang pagpapasalamat na ito'y hindi natatapos sa salita ngunit atin ding isagawa sa pamamagitan ng pagbabalik at patuloy na paglilingkod sa mga dapat nating paglingkuran, ang sambayanang Pilipino. Ang pagtupad sa mithiin nating mapuksa ang kahirapan sa bawat pamilyang Pilipino ay magsisimula sa ating mga sarili at sa kalauna'y ibabahagi na rin natin ito sa iba. Ang CARD MRI. ay patuloy na magbibigay ng iba't ibang serbisyong tiyak na makatutulong sa lahat ng miyembro nito at ng kanilang mga pamilya.

Bukod sa ating mga bangko, *microfinance offices*, at *livelihood programs*, sisikapin din nating magtatag pa ng iba pang institusyon at serbisyo gaya ng eskwelahan lalong-lalo sa mga *branch* na malalayo upang mas mapalawak pa natin ang ating layunin lalo na sa mga kabataan. Napakahalaga ng gampanin ng mga kabataan sa pagpapatuloy ng ating mithiin. Kaya sa lahat ng mag-aaral na kabilang sa unang *batch* na nagsipagtapos ng Senior High School sa ating institusyon, ito ay hamon sa inyo na ipagpatuloy ang inyong nasimulan at lagi't laging gawing inspirasyon ang paglilingkod sa iba, lalo na sa mga mahihirap na siyang pabaon sa inyo ng CARD MRI.

Lagi't lagi tayong pumanig at bumalik sa kung saan tayo nagsimula at doon natin hugutin kung para saan at para kanino nga ba ang mga ginagawa natin. Ipagpatuloy ninyo ang pangangarap at ang CARD MRI. ay patuloy ding aagapay at maglilingkod sa inyo.

Ang hamong ito ay hindi lamang para sa mga nagsipagtapos ngunit para sa lahat ng miyembro ng CARD MRI. Nawa'y ang integridad natin sa ating layunin ay ating isapuso at patuloy na ibahagi sa lahat ng taong sa tingin natin ay nangangailangan nito. Hindi tayo magsasawang magpasalamat, magbalik, at magpatuloy hanggang sa maabot natin ang ating mga inaasam na mithiin at pangarap para sa isa't isa.

SULONG! Editorial Board

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
*Publisher*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Flordeliza Sarmiento Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Dr. Edmund Centeno**
*Editor-in-Chief*

**Cyrene Grace Lubigan**
*Associate Editor*

**Raffy Antes**
**Jeffrey Tandingan**
**Neliza Largueza**
*Writers*

**Kim Carlo Belen**
**Lester Paul Dellosa**
*Layout Artist*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.publishing@gmail.com o cardmri.corpcomm@gmail.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing kamakalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.publishing@gmail.com

**CONTRIBUTORS**
Alvin Manalo
Arlene Umandap
BS Entrepenurship Students
1st Year Block 3
Derick Licop
Derwin Donado
Dyanaraha P. Lavidia/
DOLE XI
Gladys Apalit
Jalaludin Mustari
Lyka Casamayor

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
M.L. Quezon St., City Subdivision,
San Pablo City, Laguna

**CARD MRI**
Official Facebook page

**www.cardmri.com**
Official Website




Sa pagdating ng bagong umaga, nagbubukas na naman ang aking kusina. Lubos ang aking kasiyahan sa bawat edisyong ako ay magbabahagi ng mga lutuing malapit sa aking puso. Bilang Ate MD ng CARD MRI, ang bawat *recipe* na aking ibinabahagi ay may kuwento na sa loob ng tatlong dekada ay pinatatag ng pangarap at pag-asa.

Karamihan sa mga Filipino ay mahilig sa gulay at karne. Ngunit dahil sa pabago-bagong panahon ngayon, marami na rin ang naghahangad na magkaroon ng *healthy lifestyle*. Kaya naman, ngayon ay tuturuan ko kayo na maghanda ng isa sa mga paborito kong *recipe*, ang avocado salad.

Hindi mahirap gawin ang avocado salad. Kailangan lamang pagsama-samahin ang mga sangkap nito, haluin at maaari na itong ihanda. Subalit kahit mabilis at madali itong ihanda, hindi natin ito kadalasang natitikman sa ating hapag-kainan. Ito ay sa kadahilanan na rin na ang pagbunga ng avocado ay napapanahon lamang.

Katulad ng avocado, ang mga produkto ng ilan sa ating mga kliyente ay napapanahon ang pag-ani tulad ng bigas, gulay, prutas, at iba pa. Dahil sila ay umaasa sa agrikultura bilang pangunahing pinagkukuhanan ng pagkakakitaan, hindi regular o sigurado ang kanilang ani. Ito ay dulot na rin ng mahabang proseso ng pagtatanim at pag-aani, tropikal na klima sa Pilipinas na nagdudulot ng tagtuyot at bagyo, mga peste, mapanirang hayop, at iba pa.

Nilalayon ng CARD MRI na mapagaan ang mga suliranin ng mga kliyente nating ito. Kaya naman, may mga produkto at serbisyo tayong ibinibigay na angkop sa kanilang mga pangangailangan. Sa pamamagitan ng *financial institutions* ng CARD MRI. nakapag-aabot tayo ng *agri-microfinance loan program* kung saan natutulungan ang mga magsasaka na magkaroon ng kapital para masimulan o mapagpatuloy ang kanilang pagnenegosyo. Ang *loans* na kanilang nakukuha sa programang ito ay maaaring gamitin upang pambili ng *agricultural inputs* tulad ng mga kagamitan at makina, mga binhi at pananim, at mga pataba at pestisidyo.

Dahil na rin sa katangian ng pagsasaka, ginawa ring mas *flexible* ang *loan terms* sa programang ito. Ang kadalasang lingguhang pagbabayad ay puwedeng maging buwanan o *flexible terms* upang tumugma sa kanilang *cash flow.*

Hinahangad pa rin ng CARD MRI na makatulong pa sa mga kababayan nating nagpupursigi sa agrikultura. Bago matapos ang taong ito, inaasahan na mailulunsad na ang crop insurance na ihahandog ng CARD Pioneer Microinsurance, Inc. at CARD MRI ay Insurance Agency. Ang *insurance* na ito ay dinisenyo upang mas maprotektahan pa natin sa *risks* ang kabuhayan ng ating mga kliyente.

Sana sa mga kaalamang ito ay nabusog ang inyong isipan na ang CARD MRI ay nandito lamang at handang tumulong sa oras ng pangangailangan. Sana ay nabusog din kayo sa avocado salad na aking inihanda. Nawa'y patuloy ninyo akong abangan sa aking mga kuwento at mga pagkain na ihahandog.

Maraming salamat at hanggang sa muli nating kwentuhan at lutuan!

# Avocado salad



**Mga sangkap**

-1 *Chicken Breast* (pinakuluan)
  Hiwang pa kwadrado
- 3-4 kamatis , maliliit na hati
- 4 pulang sibuyas
-2 avocado hating pakwadrado
-1 buwig ng wansoy
-3 kutsarang *olive oil*
-2-3 kutsalang *lemon juice*
-asin at paminta pampalasa

**Paraan ng paghahanda ng avocado salad**

1. Pagsama samahin ang lahat ng mga sangkap tulad ng manok, kamatis, sibuyas, avocado ,wansoy ,olive oil at lemon juice sa isang malaking mangkok.
2. Haluin ng dahan dahan upang hindi madurog ang avocado.
3. Lagyan ng asin at paminta para sa tamang lasa na iyong gusto.

# PAYO ni BOSS

## *Paano magmahal ang isang kawani sa CARD?*

**- Ferdinand Umali,**
***Finance Deputy Director* BotiCard**

Mayroong iba't ibang klase ng pagmamahal ang matatagpuan sa mundo. May pag-ibig sa Diyos, pamilya, kaibigan, kapwa, at marami pang iba. Ngunit sa ating pagtanda, may isang klase ng pagmamahal ang kinakailangan upang magkaroon ng panghabangbuhay na kaligayahan sa *career* na tinatahak - ito ang pagmamahal sa trabaho.

Totoo na walang madaling trabaho, pero kung mahal mo ang trabaho mo at gusto mo ang ginagawa ito, hindi ka kailanman mapapagod.

Ito ang klase ng pagmamahal na taglay ng mga kawani ng CARD MRI. Ang CARD ay isang grupo ng mga institusyon na tinutulungan ang bawat pamilyang Filipino na maihaon sa kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pangpinansiyal. Sa ganitong klase na layunin, nakasisiguro na ang paglingkod sa kapwa ang paraan nang pagpapakita kung paano magmahal ang isang kawani sa CARD.

Ang isang kawani ng CARD ay nagmamahal base sa taglay nilang *core values.*

Una sa mga *core values* na ito ay ang COMPETENCE. Sa ganitong paraan, magkakaroon ka ng mas malawak na oportunidad na matuto at mapag-husay ang inyong talento, at dedikasyon sa trabaho. Kapag ang isang kawani ay may ganitong pag-uugali, puwede niya itong ibahagi sa kaniyang mga katrabho at sa publikong pinaglilingkuran niya.

Sunod ay ang *value of* EXCELLENCE. Ito ang katangian ng isang kawani kung saan pinapamalas niya ang pagtanggap sa mga responsibilidad ng isang *public server* at gawin ito ng mahusay sa lahat ng panahon.

Ang pangatlong *core value* ay ang pagpapahalaga sa FAMILY SPIRIT. Ang CARD ay binubuo ng mga kawani sa iba't-ibang bahagi ng bansa na pinagbubuklod-buklod ng layunin ng pagtulong sa pamilyang Filipino at maiahon sila sa kahirapan.

Pang-apat naman ay ang HUMILITY o kababaang-loob. Lahat ng mga tagumpay na natamo ng CARD ay ipinagdiriwang ngunit hindi kailanman ipinagyayabang. Pinapanatili ang pagpapakita ng kababaang-loob sa lahat ng aming gawain. Kakabit nito ay ang SIMPLICITY. Nagsimula ang CARD na may layunin na tulungan ang pamilyang Filipino sa pagsugpo ng kahirapan at bilang isang kawani nito, patuloy namin itong pahahalagahan.

Pang-anim naman ang INTEGRITY o integridad. Kung saan lahat ng gawain sa CARD ay naaayon sa layunin at ginagawa nang maayos, tapat, at totoo, sa lahat ng miyembro, *stakeholders*, at kapwa kawani.

Panghuling *core value* ay ang STEWARDSHIP. Dapat dedikado at seryoso ang bawat kawani ng CARD upang mapanatili at magtagumpay sa mga layunin nito. Sinisigurado rin namin na ang kapakanan ng bawat miyembro sa CARD ang palaging inuuna.

Pinapahalagahan namin ang bawat *core value* sa CARD dahil sa paraang ito, maayos naming nabibigay ang serbisyong nararapat sa lahat ng miyembro namin. Ganito kami magmahal sa CARD, ikaw paano ka magmahal?




*May nais ka bang itanong kay Boss? ipadala ang iyong tanong sa cardmri.publishing@gmail.com upang siya mismo ang magbigay sayo ng makabuluhang payo!*

# Marawi: makalipas ang isang taon

ni JALALUDIN MUSTARI




**PROJECT YACAP.** Ang grupo ng kabataan na tumutulong para ipagtaguyod ang mga layunin at adbokasiyang pangkapayapaan.

Isang taon na ang nakalipas noong nagkaroon ng digmaan at idineklara ang Martial Law sa Mindanao. Kamusta na kaya ang Marawi ngayon?

Marami nang bumalik sa siyudad, nakahanap ng mga bagong trabaho, nakapagtayo na ulit ng sariling negosyo, at nakapagpatuloy ang kanilang pag-aaral.

Ang pagpapakasakit upang matamo ang kapayapaan ay hindi lamang mapatutunayan sa Marawi City kundi maging sa buong probinsiya ng Lanao del Sur.

Kung magbabalik-tanaw sa nangyari noong Mayo 23, 2017, matatandaan kung paano sinakop ng mga *black-hooded troops* ang Marawi. May mga bahay na winasak, mga ari-ariang nawala, at higit sa lahat bumagal ang pag-unlad ng buong Lanao del Sur. Malaking epekto ang iniwan ng pananakop na ito sa mga tao. Ang epekto ng paglusob ay umabot maging sa mga karatig na munisipalidad ng probinsya.

**Pagpapanumbalik ng kapayapaan**

Ang Peace Wins ay isang proyekto na nakabase sa Marawi City, na sinusuportahan ng U.S. Embassy sa Pilipinas sa pakikipagtulungan ng Youth Amplifying, Co-Creating and Advocating Peace (YACAP). Ito ay pinangungunahan ni Mr. Jalaludin P. Mustari, isang 20-taong gulang na Mranaw na nagkaroon ng karanasan sa pananakop sa Marawi.

"Ang kapayapaan ay isang pandaigdigang hangarin, ang Peace Wins ay nakaakibat sa ideya na ang kapayapaan ay mananaig. Habang ang *logo* namin ay binubuo ng Okir-a Mranaw na pangkulturang sining na kumakatawan sa komunidad ng mga Mranaw na nagpapaalala ng trahedya na nangyari sa Marawi," sabi ni Mustari. Ang *Peace Wins* ay binuo para turuan ang kabataan ng kahalagahan ng kapayapaan sa pamamagitan ng *offline* at *online* na pagkakampanya. Parte ng *offline* na plataporma na ito ay magsagawa ng *capacity-building workshop* na may pakay na sanayin na maging tagataguyod ang mga mag-aaral ng mataas na paaralan na may edad na 15-18 na taong gulang. Iminumungkahi rin ng kampanya ang responsableng paggamit ng Social Networking Sites (SNS) para itaguyod ang kultura ng kapayapaan. Ang mga kalahok ay inatasang bumuo ng *core team* para magsagawa ng isang proyekto na tutugon sa mga problema na may kaugnayan sa kapayapaan sa kanilang napiling komunidad. Sampung lokal na paaralan sa Lanao del Sur ang nakatuon sa proyekto sa ngayon.

"Nilalayon naming gumawa ng *ripple effect* kung saan sinasanay namin na ang mga lider na mag-aaral na ituro rin sa ibang komunidad ang kanilang natutunan. Kaalaman, pag-unawa, at pagpapaunlad ay ang tatlong pangunahing mga bagay na makukuha nila sa proyekto," sabi niya.

Sa kabilang banda, magagamit naman ang *social networking sites* upang itaguyod ang kanilang layunin sa pamamagitan naman ng *video*, larawan, sulatin, at iba pa.

Isa sa mga kampaya nila na kasalukuyang gumagawa ng malaking epekto sa *social media* ay ang #HungerFreeMarawi. Isa itong adbokasiya bilang tugon sa *hunger crisis* sa Marawi na nakatuon sa pagbibigay ng libreng pagkain ang mga batang kapos sa pera kabilang na dito ang mga biktima ng pananakop. Kasama sa proyektong ito ang 12 lokal na *food establishments*. May mga indibiduwal rin na kusang lumahok sa kampanya sa pamamagitan ng kanilang mga donasyon. Nagpapakain sila ng 30 hanggang 50 batang nawalan ng tirahan dahil sa digmaan dalawang beses sa isang buwan o higit pa.



SARIMANOK Tent City ang pansamantalang komunidad ng mga pamilyang naapektohan ng digmaan sa Marawi.



Sa Sarimanok Tent City ay may kaniya-kaniyang diskarte ang mga tao para gawing sulit ang bawat araw. Para sa mga batang ito ang pag papalipad ng saranggola ang kanilang libangan.

# Ang paglalakbay at pagsubok ng aking buhay

ni ALVIN MANALO

Hindi ko inaasahan na sa loob ng 31 taon ng buhay ko ay makakarating ako sa Mindanao. Ito rin ang kauna-unahang pagkakataon sa buhay ko na makasakay sa eroplano. Walang katumbas ang *excitement* ko!

Hindi ko ipagkakaila na nagdalawang-isip ako noong malaman ko na sa Mindanao ako na-assign para sa aking OJT dahil sa dami ng balita ng krimen at terorismo. Ngunit nagkamali pala ako noong marating ko na ang Surigao del Norte na isang probinsya sa Mindanao. Ang realidad at ang binuo kong ideya sa isip ko ay sadya namang ibang-iba. Nawala lahat ng aking pangamba at takot dahil napagtanto ko na hindi totoo ang lahat ng mga nababalitaan natin sa Mindanao.

Mainit na pagsalubong ang agad na binigay sa akin ng Surigao del Norte 1 Area Office. Kahit na hindi lahat ng mga kawani roon ay sanay na makipag-usap ng Tagalog, ginawa pa rin nila ang lahat ng kanilang makakaya upang maramdaman ko na ako ay *welcome* doon. Sa loob ng 284 na oras na kinailangan naming kumpletuhin para sa aming OJT, nagkaroon ako ng maraming makahulugang karanasan at kaalaman. Dahil sa *center meetings* na aking dinaluhan, marami akong nabisitang iba't ibang lugar sa Surigao City. Nagkaroon din ako ng pakakataon na makausap ang mga kliyente doon. Ang sabi pa nga nila, napakaswerte nila dahil nagawa ko silang mabisita.

Natutuhan ko mula sa kanilang Area Manager na ang tunay na lider ay kailangan maging masipag, madaling lapitan, at handang ibigay ang mga pangangailangan ng kaniyang staff. Nakita ko ang kahalagahan ng pagiging *Area Manager* lalo na ang pagmo-monitor ng operasyon, pagbibigay ng rekomendasyon, at paggawa ng aksiyon sa mga kailangan ng mga kliyente at *staff*. Ang lahat ng ito ay para mas mapabuti pa ang pamumuhay ng ating mga kliyente at ng kanilang mga pamilya.

# Dating account officer ng CARD, isa nang ganap na abogado

ni LYKA CASAMAYOR

Noong nakaraang April 26, 2018 inilabas ang listahan ng mga pumasa sa Philippine BAR Examination na may kabuuang 1,724 mula sa 6,748 na kumuha ng naturang pagsusulit. Kabilang sa mahabang listahan ng mga pumasa ay dating account officer (AO) ng CARD na si Karen Jing Fernando mula sa Sta. Ana, Manila na ngayoin ay ganap ng abogado.

Sabi ni Atty. Fernando, "Napakasaya ko noong oras na'yon, di ko alam kung paano ko haharapin."

Wari niya ay tumigil ang mundo at ang nakikita lang niya ay ang kaniyang mga magulang at mga nagpalaki sa kaniya; mga nakangiting mukha na may mga luha ng kagalakan. Ang sabi niya, "Hindi maipaliwanag ang napakasayang pakiramdam."

**Pagtanaw sa nakaraan**

Si Atty. Fernando ay ipinanganak sa probinsya ng Ifugao. Ngunit noong dalawang taong gulang na siya, kinuha siya ng mga kinikilala niyang mga magulang dahil sa kahirapan ng kaniyang mga tunay na magulang na matustusan silang apat na magkakapatid. Kaya naman, ang mga nagpalaki sa kaniya ay nagtrabaho ng husto upang maibigay ang lahat niyang pangangailangan mula pinansiyal hanggang moral na pag-alalay. Lumaki sya sa kabaitan at pagmamahal.

**Ang masalimuot na daan**

Karaniwang pag-iisip ng isang tao na kapag may natapos ka ng kurso ay tapos na talaga ang landas ng pag-aaral mo ngunit para kay Atty. Fernando, pinatunayan niya na marami pa siyang maaaring gawin. Pagkatapos niya ng *BS Management Accounting* sa kolehiyo, nagpatuloy siya sa abogasya. Ang pangarap niya na pag-aabugado ay para sa kaniyang pamilya na alam niyang mangangailangan ng tulong para sa katarungan. Ang paglalakbay niya ay naging masalimuot, mabato, at paliku-liko. Hindi naging madali at naalala pa niya ang hindi mabilang na pagkakataong gusto na niyang sumuko ngunit siya rin ang kumukumbinsi sa kaniyang sarili na hindi siya dapat sumuko dahil malapit na malapit na siya sa minimithi niyang pangarap.



**Pangarap na nakamit.** Atty. Karen Jing Fernando mula sa Sta. Ana, Manila na isang AO ng CARD dati at abogado na ngayon.

**Ang katotohanan sa likod ng puso ng isang pamayanan**

Pagkatapos ng pag-aaral niya ng abogasya, alam niya na may isa pang mahalagang gawain na kailangan niyang harapin, ang pagsusulit sa BAR. Ayon kay Atty. Fernando, iyon na ang pinakamahirap na pagsusulit na naranasan niya sa buong buhay niya. Nagsikap siyang mag-aral sa loob ng apat na linggo ngunit hindi naging epektibo. Kaya natutulog na lang siya at nanonood ng tv.

Habang naghihintay ng resulta, walang oras na nawala ito sa kaniyang isip at kailangan niyang gumawa ng mga bagay na magpapaalis nito sa isip niya pansamantala. Kaya nagbakasakali siyang pumasok bilang AO sa CARD, Inc., isang organisasyong naglalayong wakasan ang kahirapan sa bansa.

Sa pinasok niyang ito, nadiskubre niya ang nakatagong katotohanan sa mga komunidad. Nakita niya ang kahirapan, kawalan ng katarungan at marami pang suliraning pangpamayanan. Ang mga realidad na ito ay nakatulong sa kaniya upang mapagtanto niya ang kaniyang sariling dahilan para sa buhay.

Ayon sa kaniya, ang pagiging AO ay nakatulong sa kaniya upang makita ang totoong nangyayari sa lipunan. Idinagdag niya na ang karanasang ito ay hindi mauuwi sa wala dahil ito ay hakbang tungo sa pagiging isang mabuting abogado sa hinaharap.

**Naghihintay ang bukas**

Pagkatapos malaman ang magandang balita ng pagpasa ay pinatawag na ng CARD si Atty. Fernando upang ilipat sa *corporate legal unit* ng institusyon at ng walang pag aalinlangan ay tinanggap niya agad, upang maging abogado ng mga maliliit na tao sa pamayanan.

Ayon kay Atty. Fernando, ang pag-iwan niya sa pagiging AO ay nagpalungkot sa kaniya, subalit kailangan din niyang ihanda ang kaniyang sarili sa bagong landas na kaniyang tatahakin. Ito ay isang mapaghamong papel upang lumago rin ang kaniyang sarili at maibalik ang lahat ng biyayang kaniyang natanggap.

# ENTERTAINMENT

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | R | H | I | A | A | D | O | B | O | G | N | N | I | O | P |
| U | D | S | A | G | H | K | L | Q | E | N | B | X | M | Q | M |
| N | J | H | L | Q | W | E | B | F | A | N | O | Y | E | S | K |
| G | Q | P | E | M | B | O | T | I | D | O | O | Y | N | K | Y |
| G | A | S | D | F | G | H | J | K | L | M | N | B | U | A | V |
| O | D | F | G | H | J | K | L | M | N | V | C | X | D | M | Z |
| D | Q | L | U | M | P | I | A | S | D | K | Q | M | O | A | S |
| Q | W | E | R | T | Y | U | I | O | P | R | I | B | B | T | U |
| C | V | N | M | J | D | L | A | B | A | N | O | S | K | I | K |
| B | V | X | Z | J | H | E | W | P | M | H | U | I | O | S | P |
| N | M | T | C | R | S | Q | J | X | T | A | S | F | S | N | M |
| Z | K | A | L | D | E | R | E | T | A | T | Y | U | I | U | O |
| X | S | I | L | I | B | Y | M | O | R | D | Y | T | X | A | B |
| W | T | K | L | S | E | R | A | K | U | T | T | A | S | Z | M |
| S | W | B | V | K | E | D | I | U | S | W | R | Q | D | O | V |
| B | E | A | G | D | A | E | L | S | Q | E | H | R | C | B | T |
| I | M | S | V | T | E | L | W | Q | N | Q | M | E | F | R | W |
| N | Q | P | I | F | J | Y | A | D | K | A | O | Y | Y | E | A |
| P | A | R | N | G | E | H | N | B | T | M | M | H | P | Q | S |
| Q | F | K | B | D | G | G | G | W | A | Q | O | A | P | W | H |
| A | S | F | L | D | P | M | N | B | E | S | L | G | L | U | U |
| B | S | L | E | O | N | A | M | P | I | R | A | G | M | A | R |
| N | R | T | N | N | M | M | P | A | Q | M | J | F | A | Y | K |
| J | E | B | I | N | G | B | P | D | E | Q | N | D | D | H | F |

AFRITADA
MUNGGO
KALABASA
LABANOS
REPOLYO
KAMATIS
SILI
KALAMANSI
ADOBO
LUMPIA
MENUDO
KALDERETA
EMBUTIDO





# Ang matagumpay na daan sa pamamagitan ng *arts and crafts*

ni DERICK LICOP



**May bukas sa paniniwala at pagpupunyagi.** Si Bernandino Cabañero, 45 taong gulang na negosyanteng miyembro ng CARD, Inc. ay nakakamit ng tagumpay sa paniniwala at pagpupunyagi.

Maraming bagay sa buhay natin ang hindi natututuhan sa loob ng silid-aralan. Kung minsan ang ating marubdob na hangarin na marating ang ating patutunguhan sa buhay ang nagdadala sa atin sa ating tunay na destinasyon. Ito ang kuwento ni Bernandino Cabanero, 45 taong gulang mula Dasmariñas, Cavite.

Ang pangarap ni Bernandino noong una ay maging *mid-wife.* Para sa kaniya, ito ay natatanging propesyon na kung saan, maaari mong makita ang larawan ng kaligayahan ng isang mag-asawa habang pinagmamasdan ang kanilang bagong panganak na sanggol. Gayunpaman, dahil sa suliraning pinansiyal ay nagdesisyon si Bernandino na kumuha ng maigsing kursong *Fisheries and Technology.* Kinailangan niyang iisangtabi ang kaniyang tunay na pangarap at gawin ang mas praktikal sa mga panahong 'yon.

Pagkatapos ng kaniyang pag-aaral, nagtrabaho siya sa mga pabrika, sa lokal na barko bilang *waiter*, at sa mga pamahalaang panlalawigan, taliwas sa kaniyang tunay na pangarap. Dumating din ang oras sa kaniyang buhay na hindi na siya makahanap ng regular na mapapasukan dahil sa kaniyang edad. Kaya't patuloy siyang nanalangin na sana ay biyayaan siya ng trabahong makasasagot sa kaniyang pang araw-araw na pangangailangan. Bilang tugon, minsan ay nakakita siya ng maraming diyaryo at naisipan niya na gumawa ng sumbrero.

Nang makita ng kaniyang mga kapitbahay ay nag-order sa kaniya ang mga ito sa halagang PHP50 kada piraso. Ang sabi ni Bernandino, "Hindi ko akalain na magugustuhan ng mga kapitbahay namin ang ginawa ko, palibhasa din ay napakainit rin sa Cavite." Ang ginagamit niyang pandikit noon ay malagkit na kanin lang. Gabi-gabi siyang nagiisip ng mga disenyong lilikhain kaya't naging malaking hamon ito sa kaniya. Bukod dun ay inisip rin n'ya kung paano ito makatutulong sa ibang tao. Naging hamon na sa kaniya ang pagpopondo sa negosyo niya. Sa kabutihang palad, ang pagkahilig niya sa negosyo ay napansin ng kaniyang mga kapitbahay at hinikayat siyang sumali sa CARD, Inc., isang organisasyon na nagbibigay ng pinansiyal na tulong at serbisyo sa mga pamilyang maliliit ang kita. Nag-umpisa siyang humiram sa CARD, Inc. para makabili ng mga materyales para sa lumalago niyang negosyo.

Hanggang ngayon, hindi pa rin makapaniwala si Bernandino sa landas na kaniyang tinatahak. Ayon sa kaniya, "Hindi man ito ang tunay na pinapangarap ko, alam ko na sadyang dadalhin tayo ng Panginoon sa isang lugar o trabaho na gagawin kang mas matalino at mas masaya. Minsan kasi hindi ang mga iniisip natin ang makakabuti sa atin kundi ang plano ng Diyos para sa atin."

Sa ngayon, si Bernandino ang isa sa pinakamadalas anyayahan para magbahagi ng inspirasyon at mga teknikal na kaalaman sa iba't ibang organisasyon. Kahit wala siyang Bachelor's degree, sapat na sa kaniya ang paniniwala at pagpupunyagi bilang puhunan upang mapagtagumpayan ang kaniyang malikhaing negosyo.

## "GABAY SA PAG-ABOT NG MGA PANGARAP"

*(A Parenting Guide to Cultivate Children's Potential and be a Better Person)*

ni ARLENE R. UMANDAP

Lahat ng magulang ay walang ibang hangad kundi mabigyan ng magandang kinabukasan at maabot ang pangarap ng kanilang mga anak. Gayunpaman, kung ang mga magulang ay hindi nabiyayaan ng karangyaan sa buhay, "isang kahig, isang tuka" lamang sa araw-araw o kung sinusuwerte man ay nabibilang sa pamilyang "sakto lang", tiyak na magiging hamon pa din para sa kanila ang pagharap sa hamon ng buhay lalo na sa pagbibigay ng mga pangangailangan ng kanilang mga anak. Bukod sa mabigyan ng magandang edukasyon ang kanilang mga anak ay hinahangad din ng mga magulang na maibigay ang mga bagay na alam natin na makapagpapasaya sa kanila.

Nandiyan ang mga magagandang laruan, *cellphones*, *computer, tablet, laptop* at kung anu-ano pang usong gadgets na ang presyo ay hindi mo basta-basta mapupulot lang sa tabi-tabi. Sa ganda ng mga ito ay ganoon din kaganda ang presyo na talagang kailangan mong paghirapan o pag-ipunan nang matagal upang ito ay mabili. Paano kung ang magulang ay mas *priority* ang "*needs over wants*" ng kanilang mga anak?

Masakit sa isang magulang ang hindi mabili ang gusto ng mga anak. Kaya lang, dahil alam natin na hindi naman importante ang mga ito ay ating titiisin nalang. Ang lagi nating sabi sa kanila, "Hala sige anak mamili ka… Ano ang gusto mo, bumili niyan o wala kang pang-tuition?" na kadalasang eksena at tunay namang nakadudurog ng puso ng mga magulang. Ito ang tinatawag na "durog-heart" *moment* ng magulang - ang *moment* na gusto mong mapasaya ang anak mo pero hindi mo magawa dahil kapos ka sa pera. Huwag hayaan na lagi na lamang mayroon kayong "durog-heart" *moment.* Habang bata, huwag silang sanayin sa karangyaan bagkus turuan at palakihin ang mga anak na maging simple, praktikal, at nag-iipon upang hindi na rin natin problemahin balang araw.

Maaari rin natin pagyabungin ang kanilang potensyal na maging *entrepreneurial kid,* i-develop ang kanilang *entrepreneurial mindset.* Malaki ang maitutulong nito upang sila ay magkaroon ng pagpapahalaga sa pera sapagkat kung alam nila kung gaano kahirap hanapin ito, papahalagahan nila ang kaliit-liitang bagay na mayroon sila at siguradong hindi basta-basta bibili ng mga bagay na hindi naman mahalaga.




Bukod dito, ang pagiging *entrepreneur kid* ay nakatutulong upang sila ay maging malikhain o *creative thinker, risk taker* at *problem solver.* Nade-develop din ang kanilang *self-confidence*, maayos na pakikisalamuha sa kapwa at higit sa lahat, nagkakaroon sila ng magagandang layunin sa kanilang hinaharap at kayang-kayang abutin ang kanilang mga pangarap.

Lagi lamang nating tandaan, sa pag-abot ng mga pangarap ng mga anak, gabay ng magulang ang unang kailangan.

# Piliin ang pagkakatiwalaan

ni NELIZA LARGUEZA

Sa mahigit na 31 taon, ang 21 miyembrong institusyon ng CARD MRI ay patuloy na pinaninindigan ang pangakong makapagbigay ng *microfinance* at mga serbisyong pampamayanan para sa mga kababaihan at pamilyang nahaharap sa mga pagsubok ng buhay.

"Ang CARD MRI ay isang mapagkakatiwalaang organisasyon na laging handang tumulong sa mga oras ng hindi inaasahang mga hamon. Ang pangako ng CARD na laging makatugon sa ganitong mga sitwasyon sa lahat ng oras ay totoo," ayon kay Delmar Geronimo, 42 taong gulang, taga Bgy. San Gabriel, San Pablo City, Laguna.

Si Delmar ay panganay sa apat na magkakapatid ng pumanaw na si Marieta Geronimo na naging aktibong miyembro din ng CARD, Inc., institusyong naghahandog ng mga serbisyong pinansiyal at iba pa. Namatay ang ina ni Delmar sa isang aksidente. Ayon sa kaniya, "Natutulog ang aking ina sa loob ng kaniyang maliit na tindahan ng bigla na lang may bumanggang kotse sa tindahan na naging sanhi ng kaniyang pagkamatay."

Ang biglaang pangyayaring ito ay hindi napaghandaan ng pamilya, sa pinansiyal o emosyonal mang aspeto. Ayon kay Delmar, "Bilang panganay, kailangan kong ayusin ang lahat gaano man ito kasakit at kahirap. Kailangan kong maging matapang upang harapin lahat ng sitwasyon."

Bilang kliyente ng CARD, ang kaniyang ina ay nakatanggap ng *insurance* para sa personal na aksidente mula sa CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA). Lahat ng kliyente ng CARD MRI ay may *life insurance*. Magbabayad lamang sila ng PHP20 kada linggo at ang pinakamalaking matatanggap nilang benepisyo ay PHP100,000.

Sabi pa ni Delmar, "Nagpapasalamat ako na pagkaraan ng dalawang araw lamang ay dumating na ang CARD MRI sa pamamagitan ng CARD MBA at iniabot sa akin ang benepisyo ng aking ina." Dinagdag niya na napakalaking tulong ang nagawa nito sa pang araw-araw nilang gastusin.

Gayundin, malaki ang pasasalamat niya sa CARD MRI dahil sa lagi itong nakaalalay at nakatugon sa pangangailangan nila. "Lagi akong pinaaalalahanan noon ng aking ina sa kahalagahan ng pag-iimpok at *insurance* kaya't kami ng aking asawa ay sumali sa CARD," ayon sa kaniya.

Noong una, ang akala ni Delmar ang CARD ay isang kumpanyang nagpapautang lamang. Sa likod pala nito, napagtanto niya na ang institusyon ay tumutugon din hindi lamang sa pinansiyal kundi sa iba pang mga aspeto ng buhay.

Pagtatapos ni Delmar, "Sa kabila ng mga sakit na naranasan namin, masaya pa rin ako dahil naging miyembro ng CARD ang aking ina. Ang kamatayan niya ay magpapaalala sa akin na walang kasiguruhan ang buhay at kailangang maging handa sa lahat ng oras. Kagaya ng laging sinasabi ng aking ina, laging tiyakin na tamang landas ang dinadaanan natin... at yan ay sa CARD MRI."




# Ang kuwentong nagsimula sa mga matatamis na "I Do's"

ni LYKA CASAMAYOR

Kapag ang dalawang tao ay nangako sa harap ng altar na sila ay magsasama sa hirap at ginhawa, sa sakit man o kalusugan, ito ay hindi dapat manatiling mga salita lamang. Ang kasal ay hindi lamang isang seremonya o ritwal para pagbuklurin ang dalawang nagmamahalan, Bagkus, ito ay isang pangako na kailangang tuparin habambuhay.

Sa panahon ngayon, patuloy ang pagtaas ng bilang ng mga mag-asawang nagdidiborsyo pati na rin ang mga kaso ng *annulment* sa Pilipinas.

Ang pinaka-karaniwang rason ng paghihiwalay ng mag-asawa ay ang usaping pananalapi, sumunod sa pakikiapid. Ayon kay Shellie Warren, isang manunulat at eksperto sa kasal, *"everything from different spending habits and financial goals to one spouse making considerably more money than the other, causing a power struggle can strain a marriage to the breaking point."*

Sa kabilang dako, isang kliyente ng CARD, Inc., ang nagbahagi ng sikreto sa kaniyang masaya at kuntentong buhay may-asawa kahit na minsa'y nahaharap sa problemang pangpinansiyal. Siya si Mary Grace Balakid, 38 taong gulang, mula sa Gamut, Barobo, Surigao del Sur.

"Ang kinakailangan sa buhay may asawa ay mag-unawaan at tanggapin ang kahinaan ng bawat isa. Kailangang isipin ng mag-asawa na sila ay iisa lalo't higit sa pagba-budget at pangangailangang pinansiyal," ayon kay Mary Grace.

Simula pa 2010, si Mary Grace at ang kaniyang asawa ay kapwa miyembro na ng CARD, Inc. Noon pa man, kapwa na nila natutuhan ang matalinong paggamit ng salapi na naging kasangkapan ng kanilang matagumpay na pagsasama bilang mag-asawa. Sa katunayan, si Jimmy ang asawa ni Mary Grace ang naghikayat sa kaniya upang sumali sila sa CARD, Inc. "Narinig ko kasi na maraming benepisyo ang ibinibigay kasama ng *microloans* na ibinibigay sa mababang interes," dagdag ni Jimmy.

Ang pagsali nila sa CARD, Inc., ang nagbukas sa kanila ng pintuan upang makapagtayo ng sarili nilang negosyo. Sa halagang PHP3,000 na unang loan ni Mary Grace, ginamit niya ito sa pagsisimula ng kaniyang sari - sari store. Samantalang si Jimmy naman ay nagsimulang magmaneho ng motorsiklo para sa mga komyuter. Dahil dito, madali na nilang nasuportahan ang pag-aaral ng kanilang limang anak.

"Ngunit walang matibay na pagsasama kung hindi ito dumaan sa mga pagsubok at problema," pagbabahagi ni Jimmy. Nang maospital ang isa sa kanilang mga anak na naging mitsa rin ng buhay nito, nangako ang mag-asawa na sila ay magsasama sa sakit man o kalusugan. Natigil sa pagtitinda si Mary Grace kaya naman dinoble ni Jimmy ang pagkayod upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Sa lahat ng pagsubok na aming kinaharap, nanatili kaming matibay at naging kuntento sa kung anuman ang mayroon kami kaya masaya kaming nagsasama ngayon," kuwento ng mag-asawa.

Sa kasalukuyan, nagbukas ng bagong negosyo si Mary Grace, isang videoke station katulong ang kaniyang asawa. Dahil sa pagtaas ng kinakailangang kapital sa kanilang negosyo, ang dating PHP3,000 na *loan* ni Mary Grace, ngayon ay PHP25,000 na.

Tunay nga na upang mas mapagtibay ang pagtutulungan ng isang mag-asawa kailangan nilang sabay na mangarap. Ang kanilang tunay na pag-ibig ang nagpapatibay ng kanilang pagsasama sa ngayon at bukas, sa kasalukuyan at hinaharap.
















# AWIT NG KABATAAN

## CFISHES, SA PAGTATAPOS

(lyrics & tune by BSEntrep 1st Year students Blk 3
at patnubay ng guro Glenda Castronuevo)

I
Malapit na naman
Ang pagmamartsa sa eskwelahan
Matatapos na naman
Mga assignments na ating sasagutan

II
May natutunan ka na ba?
Sa ating mga guro at kaeskwela
CFISHES ba'y alam mo na?
Pa'no isasabuhay ng bawat isa

BRIDGE:
Pano nga ba ia-aaply
Ang CFISHES sa ating buhay?

CHORUS:
Magpakumbaba
Magtipid, maghusay,
Matapat at masigasig dapat
Pusong-makapamilya ay kasama
Pagiging simple'y angat sa lahat

(Repeat II, Bridge and Chorus)

